





Panatag Ka.



SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

Natatanging MBA Coordinator Winners for 2021



YOLANDA FRASCO

National Winner



LUCEBELL C. LUCEÑO

1st Place
Sultan Kudarat P.O.



MARJORIE I. QUISOY

2nd Place
Camsur 2 P.O.



EMILY M. SUPILANAS

3rd Place
Masbate 1 P.O.


CARD MBA, kinilala ang mga Natatanging MBA Coordinator

ni Vian Aranza

Binigyang parangal ng CARD MBA ang mga Natatanging MBA Coordinator nito na nagpamalas ng kanilang determinasyon na maghatid-serbisyo sa kabila nang patuloy na banta ng COVID-19. Ang pagbibigay ng parangal na ito ay isinabay sa pagdiriwang ng ika-22 anibersaryo ng pagkakatatag ng Asosasyon at Microinsurance Day nitong Setyembre 9, 2021. Ang taunang parangal ng MBA Coordinators ay naglalayon na bigyang pagpupugay at pagpapahalaga ang kanilang mga naiambag at kilalanin ang pagiging huwaran at dedikasyon nila sa kanilang serbisyo. Ang mga MBA Coordinator na ito ay nagpakita ng pambihirang pagganap sa kanilang responsibilidad bilang mga coordinator at kasapi ng CARD MRI.

Ibinahagi ni CARD MBA Chief Executive Officer Jocelyn D. Dequito ang kaniyang paniniwala kung gaano kalaki ang ambag ng MBA

konek2CARD, patuloy na ikinakampanya upang itaas ang digital financial inclusion sa bansa



ni Vian Aranza
Kwento sa pahina 6

BotiCARD, nagtalaga ng MedHatid agents

ni Chin Sanigan

Upang mas mabilis at mas ligtas na makapaghatid ng dekalidad na generic na mga gamot sa mga komunidad sa San Pablo City, Laguna, nagtalaga ang BotiCARD ng MedHatid agents na mula rin sa mga kliyente ng mga pampinansyal na institusyon ng CARD MRI tulad ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI RIZAL BANK.

Ang MedHatid ay isang online delivery service ng BotiCARD na inilunsad noong Abril 2020. Ito ay may layuning makapaghatid ng mga produktong pangkalusugan sa tahanan ng mga residente sa komunidad. Ngayon ay mas pinahusay pa ang serbisyong ito sa tulong ng mga MedHatid agent na siyang magdadala ng over-the-counter na



Mga magsasaka sa Cordillera, sinuportahan ng MLNI

ni Chin Sanigan

Sinuportahan ng Mga Likha ni Inay (MLNI) ang mahigit apat na libong magsasaka sa Mountain Province at Benguet sa

pamamagitan ng pag-aangkat ng sariwang gulay upang magsuplay sa mga talipapa vendor sa San Pablo City, Laguna at mga

karatig na munisipalidad nito.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, nakapaghahatid ang MLNI ng gulay tulad ng patatas, repolyo, sayote, pechay, carrots, at broccoli mula sa Mountain Province, La Trinidad, at Baguio papunta sa Palengke on Wheels (PoW), isang mobile palengke na unang ipinakilala ng MLNI sa San Pablo, Laguna noong simula ng pandemya.

Ayon kay MLNI President Frederick Nicasio M. Torres, sinusuportahan ng proyektong ito ang mga magsasaka na kliyente



Basahin ang Sulong sa mahigit 3,000 opisina ng CARD MRI sa buong bansa. Mapapanood din ang video version nito sa aming official FB page @PublishingHouseInc.

CARD Bank, nagdiwang ng ika-24 na anibersaryo

ni Charyl Perez



Ipinagdiwang ng bawat sangay ng CARD Bank ang ika-24 na anibersaryo nito noong Setyembre 1, 2021. Binigyang tampok sa pagdiriwang na ito ang kahalagahan ng pag-iimpok sa panahon ng pandemya na may temang “*Continuous Poverty Eradication through Digital Financial Inclusion*”.

Dumalo sa pamamagitan ng *virtual celebration* ang mga lider ng CARD MRI na kinabibilangan nina CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing

Director Aristeo A. Dequito, CARD Bank President at CEO Marivic M. Austria, CARD Bank Executive Vice Presidents Lourdes B. Dijan at May S. Dawat, at CARD Bank Senior Management Advisers na sina Dr. Dolores M. Torres at Lorenza dT. Bañez. Kasama rin sa mga dumalo sa pagdiriwang ang mga Management Committee member, mga kawani, at ilang mga kliyente ng CARD Bank.

Bilang bahagi ng selebrasyon, ang CARD Bank ay nagsagawa ng iba’t ibang

aktibidad kung saan itinampok ang kahalagan ng pag-iimpok. Sa kanilang pagdiriwang, ginantimpalaan din ng bangko ang mga nangunguna nitong mga *depositor* at ang may “*Maagap Most Disciplined*”.

Si CARD Bank President at CEO Marivic M. Austria ay naghatid ng kaniyang pasasalamat sa lahat ng kliyente ng CARD Bank sa pananatili ng mga ito sa kabila ng mga pagsubok sa loob ng mahigit dalawang dekada, lalo na sa nangyayaringayong pandemya. “Nagagalak kami na kasama

pa rin namin ang aming mga kliyente sa pagdiriwang namin ng aming ika-24 na anibersaryo sa kabila ng mga pagsubok na dinanas ng lahat nitong mga nakaraang taon,” pagbabahagi ni Austria. Pagpapatuloy niya, “Sa kabila ng mga paghihirap na ito, ang aming mga kliyente ay nanatili at kasama namin sa pag-abot namin kung saanman kami ngayon naroroon. Dahil dito, kami ay lubos na nagpapasalamat sa inyo,” ani Austria.

Idinagdagdinni CARDMRI Managing Director Dequito na ang selebrasyong ito ay simbolo ng makabuluhang hakbang ng bangko na magbibigay pag-asa sa panahon ng *new normal*. “Ang pagbabagong hatid ng pandemya sa ating komunidad ang siyang nagtulak sa amin na makasabay sa kasalukuyang sitwasyon, manatiling produktibo, at ligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga *safety protocol* para maiwasan ang pagkalat ng Covid 19.”

Ipinaliwanag din niya na ito na rin ang tamang oras para baguhin ang nakasanayang paraan ng pagbabangko at gamitin ang makabagong teknolohiya upang mas maging aktibo at mahusay sa susunod pang mga taon. Dahil dito, binanggit ni Dr. Alip ang

magiging estratehiya ng CARD Bank sa susunod na sampung taon, “Habang isinasagawa ng CARD MRI ang bago nitong estratehiyang 10-20-80, humihingi kami ng tulong sa ating mga Banking Group, kabilang na ang CARD Bank, na abutin ang 20 milyong kliyente at bigyan sila ng pinakamahusay na serbisyo gamit ang ating mga makabagong teknolohiya.

Ipagpapatuloy natin ang pagbuo at pagpapalakas sa ating digital na inisyatibo, lalo na ngayon na pinatunayan ng konek2CARD na malaking tulong ito sa mga kliyente ng CARD MRI lalo na sa pagdating sa mga *online selling, e-payments, pag-iimpok, at credit delivery*”.

Pangako naman ng CARD Bank na patuloy nitong susuportahan ang mahihirap na komunidad sa bansa sa pamamagitan ng serbisyong pampinansyal at iba pang inisyatibong panlipunang pag-unlad. Mula nang maitatag ang CARD Bank noong Setyembre 1, 1997, ito ay nakapagbigay nang serbisyo sa mahigit tatlong milyong mga kliyente mula sa 98 sangay nito sa buong bansa.

CARD MBA, kinilala ang mga Natatanging ... ◀1

Coordinators sa pag-abot sa mithiin ng CARD MRI na 10-20-80. Ito ay ang direktang estratehiya ng Asosasyon na abutin ang 20 milyong kasapi at mabigyan ng seguro ang 80 milyong indibidwal sa susunod pang sampung taon.

“Ang ating mga MBA coordinator ay napakahalagang instrumento sa pag-abot ng tulong sa maraming pamilya lalo’t higit sa panahon ng pandemya kung saan marami ang nahihirapan at nangangailangan sa mga institusyon tulad ng sa atin,” saad ni Dequito.

Pinakamahuhusay na MBA Coordinators

Ang mga MBA Coordinator sa buong bansa na nagwagi sa kanilang rehiyon ay awtomatikong napapasama sa mga nominado bilang “Natatanging MBA Coordinator”.

Ang mga sumusunod

ay ang mga nanalo sa kani-kanilang rehiyon: Filda Tolen mula sa Ilocos Norte, Yolanda Frasco mula sa Bulacan, Marites Revilla mula sa Quezon Province, Marjorie Quisoy mula sa Camarines Sur, Emily Suplanas mula sa Masbate, at Lucebel Luceño mula sa Sultan Kudarat.

Para sa “Natatanging MBA Coordinator” ang pagiging produktibo sa kanilang tungkulin ay binubuo ng 80% puntos, habang ang 20% ay magmumula naman sa *panel interview* na kukumpleto sa 100% iskor. Ang unang makapapasok sa ikalimang pwesto ay tatanggap ng *plaque of recognition* at *cash prize*, samantalang ang tinaguriang “Natatanging MBA Coordinator” ay tatanggap naman ng PhP15,000 *cash* na may kasama ring *plaque of recognition*.

Ang ikalimang pwesto ay nakuha ni Marites Revilla

na may kabuuang iskor na 95.50%, at sinundan ni Filda Tolen sa ikapat na pwesto na may iskor na 95.60%. Sa ikatlong pwesto naman na may iskor na 97.20% ay si Emily Suplanas. Ang ikalawang pwesto naman ay nakamit ni Marjorie Quisoy na may iskor na 97.60% na kaunti lang din ang ipinagkaiba sa iskor ng nakakuha ng unang pwesto na si Lucebel Luceño na mayroong 97.90%.

Isang pagpupuri naman para sa itinanghal na “Natatanging MBA Coordinator” na mula sa Luzon 3 na si Yolanda Frasco na umani ng 98.00% na naging dahilan upang makamit niya ang pinakamataas na pwesto.

Sa kaniyang talumpati, ipinangako ni Frasco na magsisilbi siyang inspirasyon sa kaniyang mga kasamahan upang magpatuloy na makapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng CARD

MBA. “Sa *award* na ito, nais kong maging ehemplo sa kapwa ko MBA coordinators upang ipamulat sa maraming Pilipino ang kahalagahan ng CARD MBA sa paglaban sa kahirapan, lalo na sa panahon tulad nito kung saan ay humaharap tayo sa walang kasiguraduhan. Ang CARD MBA ay ang isa sa mga tanging maaasahan pagdating sa kaseguruhan ng ating mga kababayan,” pagbabahagi ni Frasco pagdating sa pabago-bago at walang kasiguraduhang panahon.

Upang maging kwalipikado sa nominasyon ang MBA coordinator ay dapat mahigit tatlong taon ng miyembro sa kahit na anong pampinansyal na institusyon ng CARD MRI at nakapaglingkod na rin bilang MBA coordinator nang mahigit isang taon. Dapat ay may kahusayan din pagdating sa pagpapatupad ng estratehiyang 8-24, na naglalayon na maibigay ang

benepisyo sa loob lamang ng walo (8) hanggang 24 na oras matapos itong maitala. Ang mga ito at magbibigay ng malaking papel upang sila ay mapili.

Ito na ang ika-anim na taong pagkilala sa mga Natatanging MBA Coordinator.

Ang CARD t ay isa sa CARD MRI *microinsurance company* natumutugon sa pagbibigay ng seguro na may kaugnayan sa pagkamatay, pinansyal na tulong sa medikal, mga pensyon, at lahat ng may kinalaman sa *loan redemption*. Sa kasalukyan, ang CARD MBA ay mayroon nang mahigit 6 na milyong miyembro at mahigit 22 milyong nakasegurong indibidwal. Para sa karagdagan pang mga detalye, bumisita sa kanilang *official Facebook page*: @CARDMBAAOfficial.

CARD MRI, nagbigay tulong sa mga nasalanta ng dalawang magkasunod na bagyo

ni Chin Sanigan

Nang manalanta ang Bagyong Jolina sa ilang bahagi ng Luzon at Visayas noong Setyembre 8, 2021, nagpaabot ng tulong ang CARD MRI sa mga naapektuhang komunidad sa CALABARZON, MIMAROPA, Bicol, Samar, at Leyte.

Sa pamamagitan ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP), nakapagbigay ng tulong pinansyal ang CARD MBA sa mga apektadong miyembro nito sa komunidad. Simula Setyembre 8-27, 2021, nakapagtala ang Asosasyon ng 10,340 apektadong miyembro at nakapagbigay ng Php1,240,800 na kabuuang tulong pinansyal.

Samantala, ang CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) naman ay nakapagbigay ng Php 3,790,250

kabuuang halaga ng benepisyo mula Setyembre 8-28, 2021. Ang mga benepisyong ito ay ibinahagi sa mga kliyenteng sakop ng Sagip Plan, isang uri ng segurong pino-protektahan ang mga miyembro at kanilang pamilya mula sa mga pinsala sa kanilang bahay na dulot ng mga kalamidad tulad ng bagyo.

Samantala, ang mga miyembrong apektado ng Bagyong Kiko ay nakatanggap ng may kabuuang halaga ng benepisyo na Php 220,500 mula sa kanilang BINHI, isang uri ng *microinsurance* mula sa CPMI na nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga magsasaka ng palay at mais mula sa pagkakasalanta ng bagyo sa kanilang mga pananim.

“Napakahalaga para sa ating *microinsurance group* ang mabilis na pagresponde

sa mga kalamidad tulad ng bagyo. Sa mga panahong kailangan tayo ng ating mga miyembro, tinitiyak ng CARD MBA at CPMI na tayo’y laging naririyang upang kanilang masandalan,” ani CARD MBA CEO Jocelyn D. Dequito.

Paghahanda sa sakuna

Ang CARD MRI Disaster Management Committee, na pinangungunahan ni Legal and Security Operations Unit Director Deolito C. Valdemar, ay binubuo ng *microfinance operations team*, CARD MBA, BotiCARD, at iba pang institusyon sa ilalim ng CARD MRI. Ang kumiteng ito ang nagmo-monitor ng mga bagyo habang ito ay nasa labas pa lamang ng Pilipinas. Ang direksyon, bilis, lakas, at ang mga lugar na tatamaan nito

ang sinusubaybayan ng Central Monitoring System (CMS), na siyang responsable sa pag-uulat nito sa pangulo ng kumite.

Upang mapanatiling handa ang maraming tao mula sa bagyo, nagpadala rin ang kumite ng IT at CMS *text blast* sa mga sangay ng CARD, lalo’t higit sa mga lugar na madaling bumaha o maapektuhan ng pagguho ng lupa, tsunami, at *storm surge*. Matapos manalanta ni Jolina at Kiko sa Luzon at ilang parte ng Visayas, sinuri ng kumite ang mga apektadong sangay, mga kliyente, at kawani ng CARD, habang ang CPMI naman ay patuloy na nag-validate ng mga apektadong kliyente nito na sakop ng Sagip Plan at ang CARD MBA naman ay nagbahagi ng benepisyo sa mga miyembrong sakop ng CDRAP.

“Mahalaga ang mabilis na aksyon upang maipaabot natin ang tulong sa ating mga kliyente,” ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.

Dagdag pa niya, “Mahalagang iabot natin ang ating mga kamay sa ating mga kliyenteng naapektuhan ng bagyo upang maibsan ang bigat na kanilang nararanasan dulot ng pandemya. Sa tulong ng ating Disaster Management Committee at iba pang digital na estratehiyang ipinatutupad para sa mas ligtas at mas mabilis na *claims validation and disbursement*, positibo akong mananatili tayong sinag ng pag-asa sa ating mga *policyholder* lalo’t higit sa panahong ito,” pagtatapos ni Dequito.

BotiCARD, nagtalaga ng ...

◀ 1

mga produkto tulad ng mga gamot para sa lagnat, iba’t ibang sakit sa katawan, *first-aid*, at *vitamins* sa mga komunidad.

“Sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga kliyente ng CARD MRI bilang MedHatid agent, maiaabot natin ang dekalidad na gamot sa mas maraming tao. Hindi na nila kailangang lumabas ng kanilang mga tahanan at mailagay ang sarili sa panganib na dulot ng COVID-19 para lamang makuha ang mga pangangailangan nila at ng kanilang pamilya,” ani BotiCARD Chairman and President Rosenda P. Aquino, RPh.

Inirekomenda ng kanilang mga area manager

at unit manager. Ang mga MedHatid agent ay mga kwalipikadong kliyente ng CARD MRI na mga konek2CARD agent din o opisyal ng kanilang *center* sa CARD. Sila ay itinalaga upang kumulekta ng mga order, makipag-usap sa mga pharmacy assistant, mamahagi ng mga *order*, at tumanggap ng bayad ng mga mamimili gamit ang konek2CARD, isang *mobile* na aplikasyon na hinahayaang makagawa ng transaksyong pambangko ang mga kliyente ng CARD kahit sila ay nasa kanilang tahanan lamang.

Ayon kay CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, ang paggamit ng konek2CARD sa MedHatid

ay isang patunay na ang mga digital na inisyatibo ng CARD ay mahalaga sa kasalukuyan. “Ngayon ay mas nagiging malinaw na ang *digital transformation* ng CARD ay nagbibigay ng kaginhawahan sa atin. Mas pinaayos nito ang ating serbisyo at hinihimok tayo upang humanap nang mas simpleng pamamaraan ng pakikipagtransaksyon sa ating mga kliyente.”

Ang pagtatambal ng makabagong teknolohiya tulad ng konek2CARD sa mga *online* na serbisyo tulad ng MedHatid ay tumutupad sa layunin ng CARD MRI na dalhin ang mga serbisyo nito sa mga lugar na kabilang sa High Impact Growth Zones (HIGZones)

kung saan may malaking presensya ang CARD.

Kinumpirma ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang kahalagahan ng *digital technologies* ng CARD MRI sa hangarin nitong maabot ang 20 milyong kliyente sa 2030.

“Ipagpapatuloy ng CARD MRI ang pagbibigay solusyon sa iba’t ibang mukha ng kahirapan sa Pilipinas. Gagamitin natin ang teknolohiya upang mas mapabilis ang ating serbisyo para sa ating mga kliyente, lalo’t higit sa mga kliyenteng nasa HIGZones. Sa pamamagitan ng ating pinagsama-samang lakas, ipagpapatuloy natin ang

ating misyong kumawala sa kadena ng kahirapan,” pagtatapos ni Dr. Alip.

Ang bagong programa ng MedHatid ay sumailalim sa *pilot testing* sa ikatlong linggo ng Setyembre sa San Pablo City, sa Oktubre sa Pinamalayan, Oriental Mindoro at Lipa, Batangas, at sa Nobyembre sa Masbate City, Davao City, at San Carlos City, Pangasinan.

Mag-iwan ng mensahe sa BotiCARD Facebook page upang magpahatid ng mga produkto ng BotiCARD sa mga lugar na malapit sa kanilang mga sangay. Bisitahin lamang ang kanilang Facebook page sa www.facebook.com/botocardOfficial.



Sabay-sabay na naghahanda ang mga pharmacist ng BotiCARD kasama ang mga bagong MedHatid Agent upang makapagdala ng mga gamot sa kanilang komunidad.




BotiCARD Pharmacy

Mabisang Gamot, Abot-Kaya, Kalusugan ang Unal



Order and delivery schedule: (Monday-Friday)
Minimum Purchase (bago ma-ideliver): P500.00



EDITORIAL

Walang iwanan

Online shopping, online banking, online classes... ilan lang ang mga ito sa mga kinagisnan nating buhay bilang pag-ayon sa mga limitasyon na dulot ng kasalukuyang pandemya. Bago man ito sa ating nakasanayang pamumuhay, hindi na maitatanggi na unti-unti nang nasasanay ang karamihan sa atin. Matanda man o kabataan, ano man ang antas ng pamumuhay, lahat tayo ay pilit na nakikisabay sa *new normal* dahil kung hindi ay mahihirapan tayong umayon sa takbo ng ating lipunan.

Batid ito ng CARD MRI. Tayo ay sensitibo sa mga pangangailangan ng ating mga kliyente kaya agaran tayong naghahanap ng mga oportunidad upang palawigin ang serbisyo sa lahat ng mga kabahagi. Dahil buo ang dedikasyon ng institusyon upang 'wakasan ang kahirapan sa Pilipinas', puspusan tayong lumilikha ng mga bagong

inobasyon upang matulungan ang lahat ng ating mga kliyente na makasabay sa new normal.


Isa na rito ang Panatag Ka application na inilunsad ng CARD MBA, noong Setyembre 9, kasabay ng ika-22 anibersaryo. Ang CARD MBA ay ang microinsurance institution ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng app na ito, mas mapadadali ang pagproseso ng mga *claims* ng mahigit sa 6 na milyong miyembro at 22 milyong *insured members* sa buong bansa. Ang ganitong mga *digital innovation* ay paraan ng Asosasyon upang mas mapaglingkuran nang mas mahusay ang ating mga kliyente, ayon kay CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito.

Bukod pa rito, patuloy rin ang pangangampanya ng CARD MRI Banking Group para sa konek2CARD, isang *mobile banking application*, upang matulungan ang mga kliyente sa mas ligtas

at mabilis na transaksyong pambangko.

Nakatutuwa rin ang inisyatibo ng CARD MRI at ng Mga Likha ni Inay (MLNI) upang suportahan ang mga magsasakang kliyente ng institusyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang mga produkto sa Likha on Wheels Facebook Page.

Lubos ang pagsusumikap ng CARD MRI na walang maiiwan sa lahat ng ating mga kliyente at kabahagi. Kaya naman patuloy ang pagpupunyagi nito na makasabay sa makabagong teknolohiya sa ilalim ng *new normal* na pamumuhay bunsod ng pandemya. Tunay na hindi madali ang *digitalization* upang makasabay sa agos ng ating sitwasyon. Ngunit hindi ito dapat maging hadlang para ang bawat isa sa ating komunidad ay makapagpatuloy din sa pag-asa, paghahanapbuhay, at pamumuhay.



SULONG!
Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Aristeo Dequito Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace Lubigan
Managing Editor

Jeffrey Tandingan
Associate Editor

Albert Dayag
Ervin Calabia
Layout Artists

Charyll Perez
Chin Sanigan
Vian Aranza
Writers

Clark Qury Cuello
Cartoonist

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

M.L. Quezon St., City Sub.,
San Pablo City, Laguna

@CARDMRIOfficial
Official Facebook page

@CARDMRI
Official IG account

CARD MRI
Official YouTube channel

www.cardmri.com
Official Website

Paghilom Mula Sa Mga Sugat



Dr. Jaime Aristotle B. Alip
 Founder and Chair Emeritus
 CARD MRI

Malalim ang iniwang sugat ng pandemyang dulot ng COVID-19 sa Pilipinas. Ito ay mabigat na nakaapekto sa iba't ibang sektor sa bansa tulad ng mga maliliit na negosyo o MSMEs, mga mahihirap, at pati na rin ang mga pampinansyal na sektor na sumusuporta sa kanila.

Ang pinakanaapektuhan sa mga ito ay ang microfinance institutions (MFIs) na tumutulong sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng maliliit na kapital, *insurance* o seguro, at iba pang mga programang pangkaunlaran na nakatutulong sa mga

Pilipinong nasa laylayan ng lipunan.

Ang mga MFI, na nakaangkla sa paniniwalang mas maaabot nito ang iba't ibang komunidad sa Pilipinas sa pamamagitan ng pisikal na pagbisita sa mga ito, ay nagkaroon ng mga suliranin pagdating sa pagbibigay serbisyo sa mga komunidad. Dahil nagkaroon ng iba't ibang lebel ng *community quarantines* upang limitahan ang paglabas ng mga tao sa kanilang tahanan at maibsan ang pagdami ng kaso ng hawaan ng COVID-19 sa bansa, nagkaroon ng limitasyon sa paggalaw ng mga tao at ilang hadlang sa pagpapatuloy ng operasyon ng mga negosyo.

Para sa mga MFI, nabawasan ang kanilang mga aktibidad kaugnay sa pagpapahiram ng kapital sa mga kliyente nito. Habang ang ibang MFI ay naging matatag sa kabila ng krisis pangkalusugan at pang-ekonomiyang ito, ang ilang MFIs ay hindi kayang makapagbigay ng tulong sa kanilang mga kliyente. Ito ang humahadlang sa kakayahan ng MFIs na tuparin ang misyon nitong tulongan ang mga mahihirap na mamamayan sa bansa.

Dahil kinakailangang pagtuunan ng pansin ang kalusugan, naghanap ng mga alternatibong paraan ang mga MFI upang maabot ang kanilang mga kliyenteng nangangailangan ng mga serbisyong makapagbibigay sa kanila ng kaginhawahan. Isa sa mga nakitang paraan ng mga MFI upang maisakatuparan ito ay ang *digitalization*

o ang pagyakap sa makabagong teknolohiya upang mas mapaganda ang serbisyo nito sa mga kliyente.

Isa ang CARD MRI sa mga MFIs na nanatiling matatag sa harap ng pandemya. Binuksan nito ang mga sangay ng bangko sa pamamagitan ng pagtatalaga ng limitadong dami ng tao na mananatili sa kanilang opisina sa harap ng *community quarantines*. Samantala, ang mga *field staff* naman ay nanatiling konektado sa mga kliyente sa pamamagitan ng *mobile phones* at *social media*.

Kasabay nito, ininda rin ng CARD ang epekto ng pansamantalang paghinto sa pangongolekta ng *loan payments*, mga multa, at karagdagang *fees* upang sumunod sa Bayanihan Law. Pumirma rin ito ng kasunduan kasama ang International Financing Corporation upang mas mapalawak ang COVID *credit facilities* ng CARD upang suportahan ang mga maliliit na negosyo.

Higit sa lahat, naglaan din ang CARD ng *digital services* sa mga kliyente nito upang lutasin ang mga limitasyon sa pagbiyahe at pagtitipon. Mas pinalakas ng CARD ang *mobile banking application* nito na konek2CARD upang mabilis na makapag-monitor ng kanilang *account*, makapagbayad ng *bills*, at makapaglipat ng pondo mula sa kanilang *account* papunta sa ibang *account*. Bukod dito, binigyang kapangyarihan din naman ng CARD ang mga kawani at kliyente nito

upang maging konek2CARD agents habang patuloy na pinapalawak ang serbisyo ng *remittance facility* nito na CARD Sulit Padala. Tuloy-tuloy din ang pakikipag-ugnayan nito sa iba't ibang sanglaan, sari-sari stores, at iba pang alternatibong *payment channels*.

Upang maipaabot din ang pampinansyal na serbisyo nito sa mga kliyente ng CARD, nagtayo ito ng mga konek2CARD *digital community* sa mga barangay na limitado ang *internet connection*, habang ang mga konek2CARD agent naman ay katulong ng mga kliyente ng CARD sa paggawa ng iba't ibang transaksyong pambangko tulad ng *cash-in* at *cash-out*. Dahil sa mga inisyatibong ito, humina ang epekto ng pandemya sa operasyon ng CARD, at mas naiparating nito ang mga produkto at serbisyo nito sa mas nakararaming tao.

Kahit na hindi malulunasan ng *digitalization* ang lahat ng sugat na dulot ng pandemya at ng kahirapan, ito naman ay nakikita ng CARD MRI bilang isang malaking oportunidad upang patuloy na makapagbigay ng dekalidad na serbisyo sa mga kliyente nito at manatiling matatag sa larangan ng *microfinance* sa Pilipinas. Dahil dito, itutuloy ng CARD MRI ang inisyatibong ito upang mas lalong mapaunlad ang buhay ng bawat komunidad na bumubuo nito at dahan-dahang hilumin ang mga sugat na dulot ng pandemya at ng kahirapan sa bansa.

Butil ng Pag-asa



Mr. Aristeo A. Dequito
 Managing Director
 CARD MRI

Naaaninag na natin ang liwanag mula sa unti-unti nating pag-usad sa madilim na lagusang ating tinahak sa pagpasok ng pandemya. Sa loob ng

halos dalawang taon, nabuhay tayo sa takot mula sa kawalan ng pag-asa sa ating sitwasyon. Ilang beses tayong nadapa mula sa malubak at masalimuot na daan ng COVID-19.

May mga sumuko man sa labang ito, marami pa rin tayong patuloy na bumabangon para ipagpatuloy ang laban. Naging masalimuot ang pagharap natin sa sitwasyong ito. Gayunpaman, may pagkatuto tayo sa lahat ng ito. Ito ang ating babaunin sa pagharap sa isang magandang kinabukasan.

Sa matagal nating pagkakakulong upang maprotektahan ang ating mga sarili at ating pamilya sa lumalaganap na sakit, nagkubli rin ang maraming oportunidad para sa atin. Ngayon, muli na tayong nasisinagan ng pag-asa at ng mga oportunidad upang bumangon sa matinding epekto ng pandemya. Bagamat ang CARD MRI

ay hindi tumigil sa pagbibigay serbisyo nito sa mga nangangailangan sa kasagsagan ng pandemya at *lockdown* sa bansa, naging mabigat pa rin ang naging malawak na epekto ng krisis sa maraming pamilyang Pilipino.

Ang patuloy na pagbuti ng ating sitwasyon ay marahil sa epekto ng patuloy na paggulong ng pagpapabakuna ng mga Pilipino. Malaking porsyento na rin ng ating ekonomiya ang nagbubukas at malaki ang nagiging tulong nito sa ating MSMEs sa bansa upang magsimulang muli o ituloy ang naantala nilang normal na pamumuhay. Sa pagluwag ng mga protokol sa bansa, nanunumbalik na ang dating normal para sa ating lahat. Hindi man kapareho ng dati ay mas malapit na tayo sa dati nating buhay.

Sa ating paghakbang sa isang mas mahusay na bukas, ibubuhos ng

21 institusyon ng CARD MRI ang buong lakas nito upang mas lalo pang pagbutihin ang produkto at serbisyo nito sa pagbasag ng siklo ng epekto ng pandemya at makalaya ang mga maralita sa tanikala ng kahirapan.

Handa ang lahat ng ating mga institusyon upang mabigyan ng solusyon ang iba't ibang mukha ng kahirapan. Patuloy tayong magbibigay ng pantay na akses sa pampinansyal na serbisyo at produkto para sa lahat, mga programang pang-edukasyon, pangkalusugan, pangkabuhayan, at mga pagsasanay na magpapabuti sa kasanayan ng komunidad na pinagsisilbihan ng CARD MRI.

Kasama ang CARD MRI, sabay-sabay tayo sa muling pagbangon at pag-angat. Bubuo tayong muli nang magagandang kwento para sa mamamayang Pilipino.

konek2CARD, patuloy na ikinakampanya upang itaas ang digital financial inclusion sa bansa

ni Vian Aranza

Upang makamit ang layunin sa paghahatid ng serbisyong pambangkong digital sa 3.5 milyong kliyente sa darating na Hunyo 2022, naglunsad ang CARD MRI Banking Group ng ilang kampanya para sa konek2CARD na magsisimula sa huling parte ng taong 2021.

Ang konek2CARD, ang *mobile banking application* ng CARD MRI na tumutulong sa mga kliyente nito na magkaroon nang ligtas at mabilis na transaksyong pambanko sa sarili nilang tahanan, ay nakamit ang unang tagumpay nito noong ika-28 ng Hunyo 2021 nang umabot sa isang milyon ang gumagamit nito. Ngayon, nilalayong makapagtala ito ng 3.5 milyong rehistradong kliyente na gumamit ng konek2CARD sa unang kalahati ng taong 2022.

“Para sa unang parte ng taong 2021, ang kampanya ng konek2CARD na paramihin ang gumagamit nito ay lalo naming pinaigting dahil gusto naming makapagbigay ng ligtas na transaksyon sa aming mga kliyente. Sa iba’t ibang klase ng coronavirus na lumalabas sa bansa, ninanais naming mapabuti at maging ligtas ang paghahatid ng aming serbisyong pinansyal sa aming mga kliyente,” saad ni CARD SME Bank President at CEO at konek2CARD Champion Cynthia B. Baldeo kung bakit sinisikap nila na mapataas ang gumagamit ng konek2CARD.

Partikular na layunin ng organisasyon na mabawasan ang isipin ng kanilang mga kliyente pagdating sa kanilang transaksyon. Hinihikayat nilang sa mga konek2CARD agent gawin ang mga transaksyon imbes na pumunta pa sa mga opisina ng CARD at mga Branch-Lite Unit nito.

Kasama rin sa pagpapabuti ng *digital transactions* ng CARD ay ang paglulunsad

at pangangampanya ng konek2CARD Plus o kPlus. Ang pinagandang bersyon ng konek2CARD ay pinahihintulutan ang mga kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI RIZAL BANK na gumamit ng isang *mobile banking application* upang mapasimple ang mga transaksyon.

Pagpapalawak ng Abot

Kahit malawak na ang abot, ang konek2CARD ay kailangan pa rin itong palawakin sa ibang parte ng bansa upang madala ang serbisyo palapit sa mga kliyente nito. Dahil dito, ang CARD MRI ay mayroong mga napiling lokasyon kung saan ay pinaplano nilang mangampanya upang hikayatin na gamitin ang konek2CARD. Ito ay sa Baguio, La Union, Candon, Vigan, Laoag, Aparri, Bicol, at Cebu.

Programa at Parangal

Upang maengganyo ang mga kliyente nitong gumamit ng konek2CARD para sa mas ligtas na transaksyon, ang

konek2CARD ay naglunsad ng ilang kampanya at patimpalak na tatagal hanggang Disyembre 2021.

Para sa mga center, ang “Center Level App Challenge” ay humihikayat ng 100% ng mga miyembro nito na gumamit ng konek2CARD. Ang unang 14 na center ng bawat institusyon na aabot ang 100% konek2CARD *membership* ay makatatanggap ng *cash prize* at *limited edition items* mula sa kani-kanilang institusyon. Ang account officers na humahawak sa pinakamagaling na mga center ay makatatanggap din ng papremyo. Ang center ay maaaring abutin ang 100% konek2CARD *center membership* hanggang Disyembre 2021.

Bilang pangunguna sa kampanya ng konek2CARD, ang konek2CARD agents nito ay binigyan ng pagkilala sa “Flex your konek2CARD Agent and Win” *contest*. Dito, ang mga kliyente ay magpo-post ng kanilang *selfie* kasama ang kanilang konek2CARD agent pagkatapos ng kanilang transaksyon. Bawat *selfie* ay katumbas ng isang *raffle*

entry kada linggo at ang mga nanalo ay nakakuha ng nagkakahalagang PHP 300 na load. Ang kampaniyang ito ay nagtapos noong Oktubre 15, 2021.

Samantala, sinisigurado ng konek2CARD na ang mga kliyente nito ay makararanas ng transaksyon gamit ang *mobile banking application* dahil sa “Level App your Savings and WIN” contest. Dito, ang piling transaksyon na isinagawa ng isang kliyente ay magsisilbing *raffle entry* upang manalo ng nagkakahalagang PHP 300 na *cashback*. Inanunsyo ang nanalo noong Oktubre 11.

Mas Malaking Larawan

Tinimbang ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang epekto ng konek2CARD sa buhay ng mga kliyente ng CARD MRI. “Base sa pakikipag-ugnayan at sagot ng ating mga kliyente sa ating *social media pages* maging sa *field* kasama ang ating mga account officers at mga ahente ng konek2CARD, masasabi talaga natin na maganda ang pagtanggap ng ating mga kliyente

rito. Hindi na mawawala ang isyu sa teknolohiya, ngunit, kasama ang ating mahuhusay na empleyado at mga ahente, pati na rin ang ilan nating pangangampanya, sigurado akong maaabot ng konek2CARD ang maraming pang kliyente at magsisilbing tulong ito sa kanila sa mga darating pang mga taon,” wika niya.

Natatanaw naman ni CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip na ang layunin na magkaroon ng 3.5 milyong *registered users* ng konek2CARD ay magiging daan sa layunin ng organisasyon na magkaroon ng *financial inclusivity* at masugpo ang kahirapan. “Ang hangarin na maabot ang 3.5 milyong gumagamit ng konek2CARD ay isang bahagi lamang ng kung ano ang tunay nating nais— ang makapagbigay serbisyo sa 20 milyong miyembro pagkalipas ng 10 taon. Ang CARD MRI ay tunay na naniniwalang sa pamamagitan ng pagbabago at teknolohiya, maitataas natin ang antas ng pamumuhay ng mga Pilipino, lalo na ngayong pandemya,” ani Dr. Alip sa kung paano tatahakin ng pagbabago ang daan sa magandang bukas para sa bansa

Sinusunod ng CARD MRI ang bagong 10-20-80 *strategic direction* nito na kung saan ay naglalayon na magkaroon ng 20 milyong miyembro at 80 milyong nakasegurong indibidwal sa pagtatapos ng 2030. Ang *digital transformation*, pati na rin ang konek2CARD, ay ang paraan ng CARD MRI sa paggawa ng produkto at serbisyong pampinansyal na magagamit at abot-kamay ng publiko. Para sa higit na impormasyon tungkol sa konek2CARD, maaaring bumisita sa opisyal na Facebook page na @konek2CARDOfficial.



Maaasahan, kahit nasaan man!

[f @konek2CARDOfficial](#)

Available in Playstore. Download now!

Please disregard any offers from FB Accounts claiming to be konek2CARD Agents. We will never ask you to transfer or deposit money in exchange for processing your konek2CARD registration, loans, or opening a savings account.

For your safety, only send your online inquiries to the official Facebook Page of konek2CARD and transact with your Account Officers.

CARD MBA, nagdiwang ng ika-22 anibersaryo

ni Vian Aranza



Ipinagdiwang ng CARD MBA ang kanilang ika-22 anibersaryo at Microinsurance Day na may temang “Reshaping Microinsurance Industry through Digital Transformation” noong ika-9 ng Setyembre, 2021.

Kabilang sa mga dumalo ay sina CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, at CARD MBA CEO Jocelyn D. Dequito. Dumalo rin ang ilang kilalang personalidad na sina Insurance Commissioner Hon. Dennis Funa, RIMANSI Executive Director June Jay Perez, at Microinsurance MBA Association of the Philippines o MiMAP President Emeteria Quijano. Naroon din ang mga senior adviser, Executive Committee member, mga miyembro ng Board of Trustees at ang mga empleyado at coordinator ng Asosasyon.

Natatanging Pagkilala

Sa kaniyang mensahe,

kinilala ni Quijano ang CARD MBA bilang tagapanguna sa industriya ng *mutual microinsurance* sa bansa. “Pinangungunahan ng CARD MBA ang 17 MBA sa bansa sa kanilang hangarin na magkaroon ng 12 milyong miyembro at pagbibigay ng seguro sa 48 milyong miyembro ng pamilya sa taong 2024. Ang CARD MBA rin ang nagbukas ng oportunidad sa mga lokal na MBA sa bansa na makasali sa internasyonal na komunidad ng mga *mutual microinsurance companies*,” ani Quijano sa epekto ng CARD MBA sa mga MBA sa bansa.

Ipinarating din ni Insurance Commissioner Funa ang kaniyang paghanga sa mga nakamit ng Asosasyon sa pagtulong sa mga Pilipino gamit ang teknolohiya. “Nang dahil sa pandemya, ang *digitalization* at *online transactions* ang nagiging *new normal* para sa mga negosyo. Naniniwala ako na ipagpapatuloy ng CARD MBA ang kanilang mga

hakbang upang matulungan ang kanilang mga miyembro na makasabay sa pagbabago ng panahon at mananatili ang CARD MBA bilang isa sa mga haligi ng microinsurance na magtataguyod sa kapakanan ng mga Pilipino,” banggit ni Funa sa kaniyang paniniwala sa CARD MBA.

Mga Ganap sa Pagdiriwang

Sa pagdiriwang ng kanilang anibersaryo, iba’t ibang anunsyo at pagbibigay ng pagkilala ang ibinahagi ng CARD MBA. Kasabay ng kanilang anibersaryo, inilunsad ang “Panatag Ka” *application* na magagamit ng mga miyembro/ MBA Coordinators, at empleyado. Dito, madaling makakapagproseso ang mga miyembro ng *claims*. Bahagi ang *app* sa *digital transformation* ng Asosasyon.

Kinilala rin sa pagdiriwang ang mga Natatanging MBA Coordinators at mga empleyado sa kanilang “Natatanging MBA Coordinator” at “8th

Annual Staff Citation”.

Tamang Landas

“Tatak ng CARD MBA ang mabilis na pagtugon sa mga pangangailangan ng ating mga miyembro, lalo na sa panahon ngayon. Nitong nakaraan lamang ng nanalasa ang Bagyong Jolina, agad na pinuntahan ng ating MBA Coordinators ang mga kasapi nating lubos na naapektuhan. Naniniwala ako na ang selebrasyon na ito ay magsisilbing inspirasyon sa kalidad ng serbisyong nais nating ibigay sa ating mga kababayan,” ani Dr. Alip.

Ipinaabot din ni Jocelyn Dequito ang kaniyang lubos na pasasalamat sa kanilang mga katuwang sa pagtulong sa kanilang misyon na protektahan ang milyon-milyong Pilipino laban sa mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng pagkamatay at kalamidad.

“Sa pananalanta ng Bagyong Jolina,

pinapaalalahanan tayo na maging handa sa kahit anong maaaring mangyari. Nang dahil sa mga kasamahan natin, ang mga kawani, MBA Coordinators, pati na rin ang CARD MRI Disaster Management Committee, kasama na ang ating mga kliyente, tiwala akong maisasakatuparan natin ang 10-20-80 *strategic goals* na makaabot ng 20 milyong kliyente at maka-insure ng 80 milyong miyembro ng pamilya sa susunod na sampung taon. Harapin natin ang hamon nang may pag-asa na ito ay ating makakamit,” ani Dequito.

Upang pormal na tapusin ang pagdiriwang, binanggit ni Aristeo Dequito ang landas na tinatahak ng CARD MRI para sa mga kliyente nito. “Ang *digital transformation* ng *microinsurance industry* ay talagang napapanahon, at ang mga hakbang ng CARD MBA ay naayon dito. Sa industriya ng *microinsurance*, ang bilis, husay, at pagkakasapanahon ay mahalaga para sa ating mga miyembro. Sa pamamagitan ng ating mga *digital innovation* gaya ng Panatag Ka *application* at marami pang iba, mas mapaglilingkuran natin nang mas mahusay ang ating mga kliyente ngayong pandemya.”

Ang CARD MBA ang Microinsurance-MBA ng CARD MRI na nagpapaabot ng *financial services* sa mga kliyente ng CARD MRI sa pamamagitan ng *death benefits*, *medical subsidy*, at marami pang iba. Mula nang ito ay maitatag noong 1999, ito ay mayroon nang mahigit na anim na milyong miyembro at 22 milyong insured na mga miyembro sa buong bansa.




Mahilig ka bang magsulat?

Mag-contribute na ng development-oriented news and features sa Sulong: Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI.

Kung ang artikulo mo ay malathala, mag-aangkin ka ng mga benepisyo sa pagpapalaganap ng kaunlaran sa loob ng CARD MRI Publishing House!

For more details:
Email: publishing@cardmri.com Contact number: 09195319858



THREE DECADES OF SERVING THE POOR

THE IMPRINT OF CARD MRI SINCE ITS ESTABLISHMENT IN 1986

This book contains the imprint of CARD MRI since its establishment by 1986.

Panatag Ka Application, inilunsad ng CARD MBA

ni Vian Aranza



Kaugnay ng *digital transformation* ng CARD MRI, inilunsad ng CARD MBA ang kanilang “Panatag Ka” *app* para sa kanilang mga kliyente at empleyado kasabay ng selebrasyon ng ika-22 anibersaryo at Microinsurance Day ng institusyon noong ika-9 ng Setyembre 2021.

Ginawa ang *app* na ito para sa mga miyembro at MBA coordinators upang mapadali ang kanilang *claim transactions*. Ang 8-24 *settlement strategy* ng

Asosasyon ang nagtulak upang mabuo ang nasabing *app*. Ang estratehiyang ito ay naglalayong maproseso ang *claims* ng mga kliyente sa loob ng 8 hanggang 24 oras mula nang maipasa ang kumpletong dokumentong kinakailangan. Mapabibilis ng *app* ang proseso at pagbibigay ng *claims* ng mga miyembro.

Maaari ding makita at maproseso ng mga miyembro ang kanilang *claims* gamit ang “Panatag Ka.” Bukod dito, makikita rin ng mga miyembro

ang kanilang iba’t ibang impormasyon sa “Panatag Ka.” Upang mapadali ang pagproseso ng *claims*, tampok din sa *app* na ito ang “File a Claim” at “Send Documents”. Para naman sa mga MBA coordinator at unit manager, mapo-proseso na nila ang transaksyon ng mga kliyente sa “Panatag Ka.”

Sa kaniyang mensahe, binanggit ni CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Aristotle B. Alip ang mga benepisyo ng *digitalization* ng CARD MRI, na makikita sa “Panatag Ka.”

“Dahil sa iba’t ibang digital na inisyatibo ng CARD MRI, gaya ng Panatag Ka, ang ating mga produkto at serbisyo ay lalong abot-kamay ng mga Pilipino. Tiyak namakatutulong ito upang mapaghandaan nila ang hinaharap. Dahil rin sa mga inisyatibong ito, ang hangarin natin na makapagsilbi sa 20 milyong indibidwal at makapagbigay seguro sa 80 milyong miyembro ng pamilya

sa bansa bago magtapos ang taong 2030 ay hindi nalalayo sa katotohanan,” ani Dr. Alip sa mithiin ng CARD MRI at 10-20-80 *strategic direction*.

Binati naman ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang CARD MBA sa kanilang tagumpay tungo sa layunin ng CARD MRI na digital transformation upang mas mabuting mapaglingkuran ang mga miyembro nito. “Isa ang CARD MBA sa mga nangunguna sa larangan ng *microinsurance industry*. Milyon-milyon na ang bilang ng mga Pilipinong nabigyan ng seguro ng CARD MBA. Siguradong higit nating madadagdagan ang bilang ng mga Pilipinong may seguro dahil sa Panatag Ka at mapabibilis nitong serbisyo ng *microinsurance*. Mas abot kamay na ang *microinsurance* para sa mga kababayan natin dahil sa CARD MBA at layunin ng CARD tungo sa *digitalization*,” aniya.

Sinigurado naman ni CARD MBA CEO Jocelyn D. Dequito na marami pang aabangang mahuhusay na produkto at serbisyo ang mga miyembro ng Asosasyon dahil sa pagsabay nito sa pagbabago ng panahon. “Dahil sa ating *digital transformation* at mga bagong inisyatibo para sa ating mga miyembro, mas handa tayo para sa next normal. Parating hahanap ang CARD MBA para sumabay sa pagbabago ng panahon para sa mga miyembro nito.”

Bukod sa *app* na ito, inilunsad din ng CARD MBA ang “E-Tanong Mo” *chatbot* kung saan matutulungan nito ang mga miyembro sa kanilang mga katanungan at ma-access ito gamit ang Facebook Messenger. Para sa karagdagang impormasyon sa CARD MBA at mga produkto at serbisyo nito, magtungo lang sa Official Facebook Page @CARDMBAOfficial.

Mga magsasaka ng Cordillera, sinuportahan ...

rin ng CARD MRI, isang grupo ng institusyon na may layuning suportahan ang mga mahihirap na komunidad sa Pilipinas sa pamamagitan ng serbisyong pampinansyal at iba pang programang pangkaunlaran.

Maliban dito, tinutulungan din ng MLNI ang mga maglalako sa talipapa ng PoW upang kumita nang mas malaki sa pamamagitan ng pag-angkat ng mga gulay mula sa Mountain Province at Benguet. Ang mga gulay na ito ay ibinebenta ng Php 5.00 hanggang Php 10.00 na mas mababa kaysa sa presyo nito sa merkado.

“Dalawa ang gusto nating makamit sa proyektong ito. Una, nais nating matulungan ang mga magsasakang kliyente ng CARD MRI upang ipagbili ang kanilang mga gulay sa mas malawak na merkado. Pangalawa, nais din nating kumita nang mas malaki ang mga nagbebenta ng gulay sa Likha ni Inay Palengke on Wheels sa pamamagitan ng pagbili nang mas murang gulay mula sa ating mga magsasaka sa Norte,” ani Torres. Dagdag pa niya, “Kahit na sinusubukan pa lamang natin ang

proyektong ito, positibo kaming makakamit natin ang ating layunin na matulungan ang ating mga kliyente at ang kanilang pamilya.”

Ibinahagi rin ni Torres kung papaano sila nakabuo ng koneksyon sa mga kliyente ng CARD at naging daan sa pagitan ng mga magsasaka at ng mga mamimili.

“Noong bumisita tayo sa Benguet, nakita natin kung papaano nagtatrabaho ang ating mga magsasaka para sa kanilang pamilya. Ang mga kwento nila ang nagsisilbing inspirasyon para sa atin upang maresolba ang mga problema ng ating mga kliyente sa mga mamamakyaw,” pagtatapos ni Torres.

Samantala, binigyang-diin naman ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang kahalagahan ng relasyon ng CARD sa mga kliyente nito sa pamamagitan ng bagong proyektong ito.

“Ito ang nagpapatatag ng relasyon natin sa ating mga kliyente. Patunay ito na ang ating serbisyo ay hindi nakadepende sa layo o distansya. Literal na umaakyat tayo ng bundok

upang maabot ang malalayong komunidad sa ating bansa. Ito ang ginagawa natin upang makamit ang misyon ng CARD na wakasan ang kahirapan sa Pilipinas,” ani Dequito.

Ang 10-20-80 Campaign

N a n g t a n u n g i n k u n g p a p a a n o m a k a a p e k t o

sa kampanyang 10-20-80 ng CARD MRI ang proyektong ito, kinumpirma ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip na tutuparin ng proyektong ito ang layunin ng CARD na abutin ang 20 milyong kliyente at bigyan ng seguro ang 80 milyong katao sa susunod na sampung taon.

Ayon kay Dr. Alip, “Dito sa CARD MRI, sinusuportahan natin ang ating mga kliyente sa pamamagitan ng pagtangkilik at pagpapakilala ng kanilang mga produkto. Dahil dito,



Isang magsasaka mula sa Buguias, Benguet ang nag-aayos ng kanyang mga inaning patatas na aangkatin ng Mga Likha Ni Inay.

natutuwa tayong malaman na mas nakukuha natin ang interes ng mga Pilipino, lalong-lalo na ang mga mangangalakal, upang sumali sa CARD dahil sa mga oportunidad na maaari nilang matanggap sa pamamagitan ng ating serbisyo. Nais nating maranasan ng iba pang indibidwal ang parehong oportunidad na mayroon ang ating mga kliyente. Dahil dito, tayo’y nagsusumikap na maabot ang bawat pamilyang Pilipinong n a n g a n g a i l a n g a n ,” pagtatapos ni Dr. Alip.

Layunin ng MLNI

na tulungan ang mga mangangalakal sa pagbebenta at pagpapakilala ng mga produkto ng mga kliyente ng CARD MRI sa mga Pilipino. Sa pamamagitan ng Likha Ni Inay Palengke on Wheels, nakapaghahatid ng sariwang gulay at karne ang MLNI sa mga residente ng San Pablo City sa kasagsagan ng pandemya. Upang mamili, bisitahin ang Facebook page ng Likha Ni Inay Palengke on Wheels sa www.facebook.com/LikhaonWheels.



CARD, INC.

Aborlan 1	Poblacion, Aborlan, Palawan
Abulug 1	Libertad, Abulug, Cagayan
Abuyog	Can-Uguib, Abuyog, Leyte
Agoo	San Nicolas East, Agoo, La Union
Agutaya 2	Conception, Agtuya, Palawan
Alabat	Felix St., Brgy.5 Poblacion, Alabat, Quezon
Bacarra 1	Brgy 15 San Roque, Bacarra, Ilocos Norte
Baclayon	San Roque, Baclayon, Bohol
Bacolod 3	San Roque St., Sum-ag ,Bacolod City, Negros Occidental
Badoc 2	Brgy. 1 Canaan, Badoc, Ilocos Norte
Bago	#514 Camansi St., Poblacion, Bago City, Negros Occidental
Bagumbayan 1	Prk. Sikat Poblacion, Bagumbayan, Sultan Kudarat
Balingasag 1	Zone 5 Linggangao, Balingasag, Misamis Oriental
Banna	Brgy. 3 Lorenzo (Pob), Banna, Ilocos Norte
Bantay	Balaleng Centro, Bantay, Ilocos Sur
Banton	Poblacion, Banton, Romblon
Barbaza	Poblacion, Barbaza, Antique
Basud	Purok 2 Matnog, Basud, Camarines Norte
Batad	Batad Viejo, Batad, Iloilo
Bato	San Jose St., Ilawod, Bato, Catanduanes
Batuan	Poblacion Norte, Batuan, Bohol
Bauan	Sta. Cruz Barangay III, Bauan, Batangas
Baybay	M.H. Del Pilar, Baybay, Leyte
Binalonan	Poblacion, Binalonan, Pangasinan
Biri	E. Delos Reyes St., Poblacion, Biri, Northern Samar
Bolinao	Germinal, Bolinao, Pangasinan
Bontoc	District 1 San Ramon, Bontoc, Southern Leyte
Borbon	Poblacion, Borbon, Cebu
Buguias 1	Abatan Proper, Buguias, Benguet
Busuanga 1	Visayas St., Brgy. Salvacion, Busuanga, Palawan
Cabagan 1	Casibarang Sur, Cabagan, Isabela
Cabanglasan 1	Purok 10 Poblacion, Cabanglasan, Bukidnon
Cabarroguis	Gundaway Poblacion, Cabarroguis, Quirino
Cabugao 1	Rizal, Cabugao, Ilocos Sur
Calabanga 1	Barangay Sta Cruz Pob., Calabanga, Camarines Sur
Camalig	Iraya Barangay 1, Camalig, Albay
Canlaon	National Highway Brgy Panubigan, Canlaon City, Negros Oriental
Caticlan	Caticlan, Caticlan, Aklan
Catmon	376 Burgos St., Poblacion, Catmon, Cebu
Cauayan	Magsaysay St., Brgy. Poblacion, Cauayan, Negros Occidental
Claveria	Poblacion 1, Claveria, Masbate
Claveria 1	Claveria 3, Claveria, Cagayan
Commonwealth	17 J. Buick St., Fairview, Quezon City
Compostela	Poblacion, Compostela, Cebu
Conner	Caglayan (New Poblacion), Conner, Apayao
Consolacion 1	Townhouse Lot3 Block 6 NE Nangka, Consolacion, Cebu
Consolacion 2	Poblacion Oriental, Consolacion, Cebu
Cordova	Poblacion, Cordova, Cebu



CARD, INC.

Coron	Brgy. Poblacion 5, Coron, Palawan
Coron	Nueva St., Barangay Poblacion 6, Coron,Palawan
Cotabato	Ndu Compound, Rosary Heights 2, Cotabato City
Cubao	11-F Ermin Garcia St., Brgy. Pinagkaisahan, Cubao, Quezon City
Culasi	Centro Poblacion, Culasi, Antique
Cuyo	Brgy. Catadman, Cuyo, Palawan
Daan Bantayan 1	Poblacion, Daan Bantayan, Cebu
